

**PAGLIKHA NG
OPORTUNIDAD,
PAG-SECURE NG
ATING HINAHARAP**

2014 BUDGET NG ONTARIO



ANG **2014 BUDGET NG ONTARIO**

AY BUMUO NG ISANG PLANO PARA SA ISANG MALAKAS NA ONTARIO, NA MAY

MARAMING TRABAHO

MARAMING

**OPORTUNIDAD AT
ISANG MAS SECURE
NA HINAHARAP**



Ang planong ito ay lilikha ng trabaho at pauunlarin ang ekonomiya sa pamamagitan ng pamumuhunan sa tao, pagtatayo ng mga modernong imprastraktura, at pagsuporta sa isang masigla at kaaya-ayang klimang pang-negosyo.

Ang deficit para sa taong 2013-14 ay tinataya sa \$11.3 bilyon - napabuti ito ng \$0.4 bilyon kung ihahambing sa 2013 Budget forecast. Ika-limang taon nang magkapanunod na ipinahayag ng lalawigan ang pagkakaroon ng mababang deficit kumpara sa mga nagdaang forecast. Nananatiling nakatuon ang pamahalaan sa pagbabalanse ng budget sa 2017-18.

Ang 2014 Budget ng Ontario ay mula sa mamamayan ng Ontario at para sa mamamayan ng Ontario.

PAGLIKHANG TRABAHO



Ang 10-taong plano na ito para sa ekonomiya (10-year Economic Plan) ang magbibigay sa Ontario ng pagkakataon upang makilala bilang isang global powerhouse sa pamamagitan ng pagbibigay ng oportunidad sa mga Ontarian na makakuha ng bagong career at mga trabahong may mataas na sahod, kagaya ng:

- Paglulunsad ng 10-taong pondo para sa trabaho at kasaganaan (Jobs and Prosperity Fund) na nagkakahalaga ng \$2.5 bilyon upang makatulong na mapagbuti ang kakayahan na makahikayat ng mga partner na mamumuhunan, mapalakas ang mga pangunahing sektor ng Ontario, at sumuporta sa panghinaharap na paglago ng ekonomiya ng lalawigan.
- Pagbibigay sa mga malililit ng mga negosyo ng mga pamamaraan upang sila ay makatipid sa kuryente, mapamahalaan ang gastusin at makatipid.
- Pagtulong sa mga malalaking negosyo upang makatipid sa kanilang gastusin sa kuryente.
- Pagpapalawak sa naaabot ng exports ng Ontario tungo sa mga mabibilis na umuunlad na emerging markets upang makatulong sa maraming maliliit at medium-size na negosyo na lumago at makalikha ng trabaho.


PAMUMUHUNAN SA TRANSPORTASYON AT IMPRASTRAKTURA



Ang inaasahang paglago ng populasyon ng lalawigan ay magbubunga ng malaking demand sa lahat ng uri ng imprastraktura. Sa kadahilanang ito, ang lalawigan ay naglalayon na mamuhunan ng mahigit sa \$130 bilyon para sa pampublikong imprastraktura sa mga susunod na 10 taon, kabilang na rito ang:

- Paglalaan ng pondo sa halos \$29 bilyon sa loob ng susunod na 10 taon para sa imprastrakturang pang-transportasyon sa buong lalawigan.
- Pamumuhunan ng \$2.5 bilyon sa 2014-15 para sa pagsasaayos ng mga highway at mga proyektong nagpapalawak nito.
- Pag-suporta sa mga munisipal na kalsada at tulay sa pamamagitan ng isang kaukulang pondo na nagkakahalaga ng \$100 milyon.

PAGSE-SECURE SA PAGRE-RETIRO NG MGA ONTARIAN



Upang matulungan ang mga Ontarian, lalung-lalo na ang mga middle-income earners, sa isang mas secure na pagre-retiro, ang 2014 Budget ng Ontario ay nagmungkahi ng makabagong provincial pension plan na alinsunod sa Pension Plan ng Canada [Canada Pension Plan (CPP)].

Ang enhancement na ito sa CPP ay magkakaroon ng pangmatagalang benepisyo dahil sa dulot na pagpapalago nito sa ekonomiya at paglikha ng trabaho, habang patuloy naman ang pagbibigay ng mas secure na pagre-retiro sa mga Canadian na nagtatrabaho.

Ang ORPP ay:

- Bubuuang panimula alinsunod sa mga pangunahing features ng CPP, kabilang na dito ang pirmihan na buwanang benepisyo sa pagreretiro na naka-index sa inflation at binabayaran sa habambuhay.
- Patataasin ang retirement savings habang pananatiliing mababa ang contribution rates.
- Ilulunsad sa 2017, una sa mga malalaking employer, kung saan ang mga kontribusyon ay ipe-phase in sa loob ng dalawang taon.
- Patataasin ang nasasakop na level of earnings ng higit pa sa kasalukuyang nasasakop ng CPP.

PAGPAPABABA SA GASTUSIN SA ENERHIYA



Ang pamahalaan ay tumutulong sa mga Ontarian sa kanilang gastusin sa kuryente, kabilang ang:

- Pagbabababa ng cost sa system mula sa nagdaang 18 buwan, bagay na magpapababa ng bayarin ng kulang-kulang sa \$520 sa mga susunod na limang taon.
- Pagpapanukala na ipatigil ang pagpapatong ng charges na nauukol sa pagre-retire ng nagdaang pananagutan (Debt Retirement Charge) sa bill ng kuryenteng pang-residensyal makalampas ang Disyembre 31, 2015, upang makatipid ang mga residente ng humigit-kumulang sa \$70 kada taon.

PAGTATAGUYOD NG ISANG MAKATARUNGANG LIPUNAN



Kabilang sa inisiyatibo ng pamahalaan na tumulong makapagbigay ng oportunidad sa lahat ng Ontarian ang sumusunod:

- Dagdagan at pagpapanukala na i-index ang benepisyo ng mga bata sa Ontario (Ontario Child Benefit).
- Pagpapatuloy na pagre-reporma sa social assistance system sa pamamagitan ng rate increase at pag-streamline ng employment benefits.
- Pagpapalawak ng programang pang-Nutrisyon ng mga mag-aaral (Student Nutrition Program) upang makapaglingkod sa mas maraming kabataan sa mga low-income na kabahayan at mga area na nakatalaga sa First Nations (First Nation reserves).
- Pataasin ang minimum wage sa \$11, at pagpapanukala sa pag-i-index nito sa inflation upang maging makatarungan ito sa mga low-income na manggagawa at pagiging predictable nito sa mga negosyo.
- Pagpapalakas ng suporta sa mga nakatatandang may developmental disabilities at manggagawang nasa front-line ng serbisyo komunidad.
- Pagbibigay suporta sa pagtataas ng pasahod ng mga personal support workers sa mga publicly-funded na pasilidad at community care na sektor, at front-line child care workers.

PAGHILING NG PAGKAKAPANTAY- PANTAY SA FEDERAL NA PAMAHALAAN



RESPONSABLENG PAMAMAHALA



Kada taon, ang bahagi ng federal revenue na galing sa Ontario ay mas mataas sa bahagi ng federal spending ng Ontario.

Ang pamahalaan ng Ontario ay nananawagan sa federal na pamahalaan na:

- Tratuhan ang mga Ontarian kahalintulad sa mga residente ng ibang lalawigan..
- Protektahan ang Ontario mula sa \$641 milyon na pagbaba ng major transfer sa 2014-15, kahalintulad ng ginagawa nitong pagprotekta sa ibang lalawigan.
- Pagdaragdag ng pondo sa imprastruktura, at tapatan nito ang \$1 bilyon na commitment ng Ontario sa proyektong imprastruktura sa Ring of Fire.

Ang Ontario ang may pinakamababang per-capita program spending sa lahat ng lalawigan, habang patuloy na pagpapanatili ng kalidad ng serbisyo publiko. Iwinawasto nito ang mga maaksayang pamamaraan, nakatuon sa mga prayoridad at tinitiyak nito na ang bawat dolyar na binitiwang ay sulit lamang.

Sa pagsulong na ito, ang pamahalaan ay:

- Maglulunsad ng taunang pagsusuri ng target savings nito na \$250 milyon para sa taong 2014-15 at \$500 milyon kada taon sa 2015-16 at 2016-17.
- Ipagpatuloy ang panawagan sa pagpi-freeze ng sahod ng mga miyembro ng Provincial Parliament hanggang ang budget ay mabalanse.
- Direktang kontrol sa sahod ng mga senior executive sa mas malawak na sektor ng publiko, alinsunod sa naipasang batas.
- Panatilihin ang average na taunang pagtaas ng program spending sa 1.1 porsiyento sa loob ng tatlong taon.

2014 BUDGET NG ONTARIO

ALAMIN ANG IBA PA SA
ONTARIO.CA/BUDGET
TOLL FREE: 1-800-337-7222
TTY TOLL FREE: 1-800-263-7776

